



Saan Patutungo ang Pagsusulat ng Kasaysayan ng Kababaihan sa Pilipinas?*

✽ Ma. Luisa T. Camagay ✽

Introduksyon

MAGANDA ANG PAGKAKATAON na ito upang tayain kung saang antas na ang pagsusulat ng kasaysayan ng kababaihan sa ating bayan. Batid natin na ang puspusang pagsusulat ng kasaysayan ng kababaihan ay nagsimula noong dekada 70 sa mundong Kanluran bunga ng pag-usbong ng kilusan peminismo na tumugma rin sa pag-usbong ng kasaysayang panlipunan o *social history*. Ang paglihig ng kasaysayan mula sa lapit pulitikal at diplomatiko ang siyang nagbigay puwang para sa kababaihan na maisama sa naratibo ng kasaysayan. Utang kung gayon ng kababaihan ang pag-usbong ng kasaysayang panlipunan sa pagsisimula ng paghahabi ng kanilang kasaysayan.

Sa maikling papel na ito, ibig kong tungkayan ang mga sumusunod na paksa: 1) ang pagsasatabi ng babae sa naratibo ng ating kasaysayan; 2) ang Pilipina sa kasaysayan ng Pilipinas; 3) ang papel ng batis sa pagsusulat ng kasaysayan ng kababaihan; 4) ang metodo ng kasaysayang pasalita at; 5) ang isyu ng peryodisasyon.

Ang Pagsasatabi ng Babae sa Naratibo ng Kasaysayan

Sinapit ng Pilipina ang sinapit ng kapwa niya kabaro sa Asya, Aprika, Amerika Latin, at sa mundong Kanluran. Ito ang

* Talumpating binasa sa Kumperensiya, "Tandang Sora @ 200," Unang Araw ng Marso 2012, College of Social Work and Community Development.



pagkalimot at pagsasatabi nila sa kasaysayan. Sa pagkakataon na ito nagkaroon ng sadyang pagkakaisa o *solidarity* ang mga kababaihan sa bawat suol [sulok?] ng daigdig na igiit na bahagi sila ng kasaysayan.

Madalas banggitin ang mga katagang “*invisible*” at “*marginalized*” sa mga babasahin mula sa Kanluran bilang paglalarawan sa sinapit ng kababaihan sa mga obrang pangkasaysayan. Maraming dahilan ang lumalabas bilang paliwanag hinggil sa pagiging “*invisible*” at “*marginalized*” ang kababaihan. May [Isa sa mga] paliwanag ay naisantabi ang kababaihan sa kasaysayan dahil sa ang mga sumusulat ng kasaysayan ay kadalasan at karamihan ay lalaki. Dagdag dito, ang pag-iiral ng kasaysayan pulitikal at diplomatiko ay hindi nagbigay puwang sa kababaihan dahil ang mga naging bida sa nasabing uri ng kasaysayan ay kalalakihan. Hindi kung gayon naturing na mahalaga ang larangan na ginagalawan ng babae – ang larangan ng pamilya at lipunan.

Sa Kanluran, tatlong lapit ang ginagamit upang ipaliwanag ang “*invisibility*” ng kababaihan. Ang una ay ang lapit Marxista. Idiniin ng Marxismo ang pagkakaroon ng dalawang hiwalay na larangan: ang larangan ng kalalakihan na sumasagisag sa produksyon at buhay publiko at ang larangan ng kababaihan na sumasagisag sa reproduksyon at buhay pribado. Dahil sa pagtatatakda na ito, naging mababa ang halaga at tingin sa kababaihan. Ang pangalawang lapit ay pinasimunuan ni Jacques Lacan. Ayon kay Lacan, ang “*invisibility*” ng kababaihan ay nauugat sa pag-uugnay ng kababaihan bilang isang malaking banta sa kalalakihan at pagturing sa babae bilang “*the other in relation to the central, powerful, privileged male.*” Ang panghuling paliwanag hinggil sa “*invisibility*” ng kababaihan ay mula kay Michel Foucault. Ipinaliwanag niya na ang mga ugnayan ay may kaakibat na gahum (power). Ang “*invisibility*” ng kababaihan ay inugat sa kawalan niya ng gahum.



Nariyan rin ang paliwanag ng kawalan ng mga batis hinggil sa kababaihan. Sinabi ni Joan Wallach Scott na hindi kulang ang batis tungkol sa kababaihan bagkus marami ito. Ang mga batis na ito ay hindi yaon karaniwan kinokunsulta ng mga historyador na lalaki. Ito ang mga batis na di-karaniwan tulad ng mga retrato, mga pagkain na iniluluto, mga gamit sa kusina, atbp.

Ang Pilipina sa Kasaysayan ng Pilipinas

Sinasabi ng bawat henerasyon ay nagsusulat ng sarili niyang kasaysayan. Ang kasaysayan na ito ay nagsasalamon ng isang pangunahing isyu na dapat harapin. Sa ganitong konteksto nabunsod ang pagsusulat ng kasaysayan ng kababaihan sa Pilipinas noong dekada 20. Ang pangunahing isyu na kinaharap ng mga kababaihan noon ay ang paghiling ng karapatang bumoto.

Ang kauna-unahang aklat na sinulat tungkol sa kasaysayan ng kababaihan sa Pilipinas ay inilimbag noong 1928 nang isulat ni Ma. Paz Mendoza-Guazon ang kanyang *The Development and Progress of the Filipino Woman*. Ito ay sinundan ng aklat ni Encarnacion Alzona na pinamagatan *The Filipino Woman; Her Social, Economic and Political Status, 1585-1923* na inilimbag noong 1934. Ang layunin ng mga aklat na ito ay ipakita ang kaunlaran na natamasa ng Pilipina sa takbo ng panahon at maipakita sa mga mambabatas na nararapat lamang bigyan ang kababaihan ng karapatan bumoto. Sa madaling sabi, nagkaroon ng propaganda value ang mga nasabing akda. Magandang pansinin na ang mga nasabing aklat ay tungkol sa kababaihan at ang mga may-akda ay babae.

Masasabi na nagbunga ng maganda ang mga obra dahil sa nabigyan ng karapatan bumoto ang Pilipina noong 1937.

Matagal nasundan ang mga ganitong uri ng aklat. Sa halip ay umiral ang mga obrang pangkasaysayan na sinulat ng mga kalalakihan tulad nina Leandro Fernandez, Teodoro Agoncillo, Nicolas Zafra at Gregorio Zaide. Nanumbalik na lamang ang



interes na isulat ang kasaysayan noong mga dekada 70 bunga ng kilusan peminismo sa Amerika at Europa. Ang agenda ng mga peminista ay palitawin ang kababaihan mula sa pagkalimot at pagsasatabi. Namulat ang mga kababaihan sa Pilipinas kung paano kaunti o salat ang banggit tungkol sa Pilipina sa mga akdang pangkasaysayan. Sapat nang tingnan ang indeks ng aklat ni Teodoro Agoncillo na *History of the Filipino People* upang mapatunayan ang bagay na ito. Mababasa ang salitang babaylan, tapos ang *women's chapter of the Katipunan* tapos ay wala na.

Sumulat sina Sister Mary John Mananzan at Wilhelmina Orozco ng kasaysayan na tampok ang Pilipina. Sinalamina ng mga obrang ito ang tinawag ni Gerda Lerner na *compensatory history*. Ayon kay Lerner, ang matagal na pagturing sa kalalakihan bilang taga-hubog na kasaysayan ay humiling na babae ang itampok sa papel na ito. Sa madaling sabi, pinalitan ng babae ang lalaki bilang pangunahing aktor sa kasaysayan.

Umusbong rin ang tinatawag na *contribution history* kung saan itinatanghal ang ambag ng kababaihan sa lipunan. Ipinakita ito sa mga obrang *Women of Distinction, Filipino Women in Nation Building: A Compilation of Brief Biographies* ni Herminia Ancheta at ang *Valiant Women; Biography of Filipino Women* ni Aura Sabilano.

Mayroon rin binanggit si Lerner na “*women worthies*” or “*notable women*” kung saan itinatanghal ang mga di-karaniwang babae. Isang halimbawa nito ang aklat na *Filipina First* kung saan binabanggit ang kauna-unahang babaeng doctor, kauna-unahang abogada, ang kauna-unahang babaeng inhenyero.

Walang masama sa ganitong uri ng pagsulat ng kasaysayan ng kababaihan dahil bahagi ito ng proseso ng pagdodokumenta ng nakaraan ng Pilipina. Tanggap naman ng mga historyador na peminista na ito ay isang transisyon lamang dahil patuloy pa rin ang paggamit ng isang tradisyunal na balangkas kung saan ipinapasok lamang ang babae sa mga puwang ng isang balangkas na itinakda ng kalalakihan at hindi ng kababaihan. Sabi nga ni Lerner:



Essentially, they have applied questions from traditional history to women, and tried to fit women's past into the empty spaces of historical scholarship. While the value and utility of such work is unquestioned, the limitation to such work is that it deals with women in a male-defined society and tries to fit them into the categories and value systems which consider man the measure of significance.

Dahil hindi sapat ang ganitong balangkas, hangad ngayon ng mga historyador na peminista na maging bukas sa maraming uri ng batis, metodolohiya at lapit na akma sa mayaman na karanasan ng kababaihan. Sinasabi nila na kailangan ang kasaysayan ng kababaihan ay isang dokumentasyon ng kulturang kababaihan na tatalakay sa buhay, karanasan at kamalayan ng kababaihan

Sa kasalukuyan marami na ang mga obrang pangkasaysayan na pumapaksa sa nakaraan ng Pilipina. Patunay na ang kababaihan ay isang lehitimong paksa ng pagsusulat ng kasaysayan.

Ang Papel ng Batis [*Sources*] sa Pagsusulat ng Kasaysayan ng Kababaihan

Sa kasaysayan, mahalaga ang mga batis upang mabuo ang dokumentasyon ng nakaraan ng kababaihan.

Dalawa ang lumilitaw na posisyon hinggil sa batis na magpapaliwang sa nakaraan ng kababaihan. Ang isang posisyon ay nagsasabi na may kasalatan ng batis hinggil sa kababaihan, bagay na ginagamit upang ipaliwanag ang pagkawala nila sa naratibong pangkasaysayan. Ang kabilang posisyon naman ay pinabubulaanan ang ganitong asersyon. Hindi totoong walang batis hinggil sa kababaihan. Ang totoo ay mali ang tinutunghayan na mga batis. Matagal umiral sa tradisyunal na kasaysayan ang paniniwala na ang lehitimong batis ay yaong mga nakasulat. Ngunit sino ang mga sumusulat, hindi ba't mga lalaki. Kaya't kung ito'y ang siyang pagbabasihan ng kasaysayan, tunay ngang wala o madalang ang banggit hinggil sa babae. Ngunit may mga nakasulat na batis na hindi pinansin ng mga lalaking historyador. Tinutukoy ko ang mga liham (tulad na mga liham ng mga kapatid



na babae ni Rizal kay Rizal); talaarawan (tulad ng talaarawan ni Olivia Salamanca); at memoir (tulad ng isinulat ni Gregoria de Jesus). Dagdag dito, itinuring ng Bagong Kasaysayan o *Nouvelle Histoire* na ang mga gamit at gawa ng kababaihan ay maaring batis para mabuo ang kanilang kasaysayan. Tinutukoy dito ang mga gamit pambahay (tulad ng mga palayok, basket); gamit pansarili (tulad ng damit at alahas); pagkain na iniluluto at mga awit na panghele sa sanggol. Sabi nga ni Joan Scott:

It is clearly not the absence of information about women but the sense that such information was not relevant to the concerns of history that led to the invisibility of women in the formal accounts of the past.

Dapat tingnan ang mga dating batis ng kasaysayan ngunit suriin ito ngayon mula sa lente ng kababaihan. Ito ang sinasabing pagsusuri ng mga tradisyunal na batis sa pamamagitan ng bagong lente. Napapanahon na maging alerto tayo sa mga banggit hinggil sa babae mula sa tradisyunal na mga batis. Ang mga banggit na ito ay hindi pinansin ng mga lalaking historyador dahil sa tingin nila ay hindi mahalaga o walang halaga sa agenda ng pagbubuo ng bansa (*nation building*).

Hindi panghabang buhay na gagamitin natin ang katuwiran na walang batis para isulat ang kasaysayan ng Pilipina. Napapanahon na sistematiko magtayo o magtatag ng mga sinupan (*archives*) o *resource center* na nakalaan lamang para sa mga kababaihan. Maaring magkaroon ito ng apat na kategorya: 1) mga aklat o ibang pang nakalimbag na akda hinggil sa kababaihan; 2) mga *private papers* ng mga kababaihan; 3) mga *transcripts* na *oral history* o panayam ng mga babae o *tape recordings* ng mga panayam; 4) mga *iconographic materials* na may kaugnayan sa buhay ng kababaihan.

Dumako naman tayo sa isang uri ng metodolohiyang sinasabing akma para sa pagdodokumento ng nakaraan ng kababaihan. Tinutukoy dito ang kasaysayang pasalita o *oral history*.



Ang Kahalagahan ng Kasaysayang Pasalita o Oral History

Ang produkto ng metodolohiya ng kasaysayang pasalita o *oral history* ay paglikha rin ng bagong batis pangkasaysayan. Ang kasaysayang pasalita ay hindi isang uri ng kasaysayan kundi isang paraan ng pagkuha ng datos hinggil sa nakaraan sa pamamagitan ng panayam. Ang paraan na ito ay nalikha sa paniniwala na sa ganitong paraan lamang maaring makapasok ang mga ordinaryong tao sa naratibong historikal. Ang metodong ito ay naging tugon sa pagnanais na maitala ang karanasan at ang nakaraan ng mga ordinaryong tao. Ito ay tinatawag ng “*history from below*” o “*history of the inarticulate.*” Napag-isipan rin na ang mga karaniwang tao ay hindi lamang paksa ng kasaysayan bagkus bumubuo o lumilikha rin ng kaalaman (*producers of knowledge*). Sa oras na i-transcribe ang panayam, ang *transcription* ng panayam ay maituturing na isang bagong batis.

Sa pamamagitan ng kasaysayang pasalita, napapalitaw natin ang mga boses ng kababaihan at mula sa paraan na ito napapalitaw ang mga bagong perspektiba at bagong kaalaman.

Maraming peminista ang nagpapalagay na bagamat malimit ang gamit ng kasaysayang pasalita bilang metodolohiya, hindi raw lubusang nagagamit ang potensyal nito. Iminumungkahi na kailangan ng isang *interdisciplinary feminist methodology* para maging lubusan ang paggamit nito.

Ano itong minumungkahing metodolohiya na dapat gamitin sa kasaysayang pasalita? Iminumungkahi nito na kailangan ipagsama ang disiplina ng kasaysayan, sosyolohiya at sikolohiya sa pag-unawa ng kamalayan ng kababaihan dahil ang kamalayan ang teritoryo na may lubos na kalayaan ang babae. Madalas na sa paggamit ng metodong ito, ang interes ng historyador ay ang mga pangyayari ngunit hindi ang kahulugan ng pangyayari sa kapanayam. Kung gayon, ang kasaysayang pasalita ay hindi lamang nakatakda sa paglikom ng mga datos hinggil sa mga gawain at karanasan ng kababaihan (totoo para sa disiplina ng



kasaysayan) kundi ay siyasin rin ang kahulugan ng mga ito (totoo para sa disiplina ng sosyolohiya at sikolohiya).

Bunga ng malawakang paggamit nito, kailangan ay marunong tayong makinig sa isinasalaysay at ikinukuweto ng mga kababaihan. Sa pagkakataon na ito, ang itinuturing na *expert* ay hindi ang nagtatanong o nananaliksik kundi ang babae na ating kapanayam. Sa pamamagitan ng kasaysayang pasalita, isinasalaysay ng isang babae ang sarili niyang karanasan at napagmumuni-muni niya ang kahulugan ng karanasan na ito. Sa paraan na ito, nailalagay niya ang sarili niya sa mundong kanyang kinabibilangan.

Mahahango rin natin sa pamamagitan ng kasaysayang pasalita ang kahulugan ng kanyang karanasan sa pagpili niya ng kanyang mga salita. Sinasabi nga na magkaiba ang “wika” at diskurso ng kalalakihan at kababaihan. Kung ang layunin natin ay palitawin ang boses ng babae dapat maging tapat at sensitibo tayo sa gamit niyang wika dahil sa ang gamit niyang wika ay salamin ng inter-aksyon niya sa umiiral at dominanteng kultura na batay sa kulturang kalalakihan. Makinig tayong mabuti sa isinasalaysay ng mga kababaihan at ituring ito na may sariling halaga at integridad.

Mula sa pakikipagpanayam sa mga kababaihan maraming kaalaman ang ating nadidiskubre. Halimbawa itinuturing noon ng mga sosyolohista na hiwalay ang mundo ng trabaho at pamilya ngunit ito ay pinabulaanan ng karanasan ng kababaihan. Para sa huli, ang mundo ng trabaho at mundo ng pamilya ay magkaugnay. Patunay ito na ang mga ugnayan ng kababaihan ay hindi nakakahon.

Dumako naman tayo sa isyu ng peryodisasyon.

Isyu ng Peryodisasyon

Ang gamit ng peryodisasyon sa kasaysayan ay upang mai-organisa ang nakalululang nakalipas. Hinahati ang nakalipas upang magkaroon ng organisasyon ang pagsusuri. May puna na ang peryodisasyon na batay sa mga pangyayaring pulitikal at



diplomatiko ay hindi akma para sa kababaihan. Sinasabi rin na ang karaniwan peryodisasyon ay magandang patunay ng pagkiling sa mga kalalakihan. Ang mga giyera, mga pangyayaring pulitikal at panunungkulan ng mga pinuno ang siyang madalas pinagbabatayan ng peryodisasyon. Madalas na sabihin na ang pagbabago ng katayuan ng kalalakihan at nagbubunga rin ng pagbabago sa katayuan ng kababaihan. Halimbawa ang aseryon ni Kelly-Gandol hinggil sa Muling Pagsilang o *Renaissance*. Ayon sa kanya, ang Muling Pagsilang ay hindi nagdulot ng pagbabago sa katayuan ng kababaihan kung kaya't ang pagtatakda ng panahon ng kasaysayan gaya ng *Renaissance* ay hindi nagsasalamin ng tunay na karanasan ng kababaihan.

Ang hiling kung gayon ay isang peryodisasyon na nakaangkla sa karanasan ng kababaihan at hindi sa karanasan ng kalalakihan. Hindi inaasahan na magkaroon ng isang peryodisasyon na totoo para sa lahat ng kababaihan. Higit na nakikita na magkakaroon ng peryodisasyon ng kababaihan ayon sa sektor na ginagalawan, ayon sa kanilang karanasan sa buhay, ayon sa rehiyon na kinabibilangan.

Konklusyon

Saan patungo ang kasaysayan ng kababaihan sa Pilipinas kung gayon?

Sa ganang akin ay mula sa *compensatory history* at *contribution history* na kapwa maituturing ng mga *transitional histories*, inaasahan na ang kasaysayan ng kababaihan ay lalayo sa tema ng babae bilang biktima ng opresyon na kalalakihan kundi bilang aktibong indibidwal na tumatahan ng kanyang sariling landas at kinabukasan. Hangad ng mga peministang historyador na hahakbang ang kasaysayan ng kababaihan sa isang kasaysayang unibersal kung saan ihahabi ang kasaysayan historikal ng lahat ng kasarian sa lipunan. Sa ganitong paraan lamang wastong maidodokumenta ang nakalipas ng sangkatauhan.

Siya rin ang hangad ko para sa ating kababaihan.